
2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 21: Dinaglat na Salita




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_MTB2_Module 21

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 21: Dinaglat na Salita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Louie Ann Marie Sol |
| **Editor:** | Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor |
| **Tagaguhit:** | Lynzee Monta |
| **Tagalapat:** | Cristina T. Fangon |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ___________________**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 21:
## Dinaglat na Salita

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makikilala ang mga pangkaraniwang dinaglat na salita.
MT2VCD-Ii-i-4.1

# *Subukin*


**Panuto:** Kilalanin ang mga nasa larawan. Ano ang magalang na pantawag sa kanila?




____________



____________



____________




____________



____________

Aralin 1

# Dinaglat na Salita

Marami tayong mahuhusay na manggagawa sa ating pamayanan. Malaki ang naitutulong nila sa pag-unlad ng ating bansa. Ang bawat isa ay mayroong ginagampanang tungkulin. Upang maipakita ang paggalang sa kanila, gumagamit tayo ng magagalang na pantawag. Ang mga pantawag na ito ay maaaring mapaikli sa pamamagitan ng pagdadaglat.

Alam mo ba kung paano daglatin ang mga ito?

## *Balikan*

**Panuto:** "Sino Ako" Kilalanin ang tinutukoy sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| A. bumbero | C. doktor | E. nars |
| B. dentista | D. guró | |

_____1. Gumagamot sa mga may sakít.

_____2. Kasama ng doktor sa pag-aalaga sa mga may sakít.

_____3. Nangangalaga sa ating mga ngipin.

_____4. Pumapatay ng apoy kapag may sunog.

_____5. Nagtuturo ng pagbasa at pagsulat sa mga mag-aaral.

## Tuklasin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.

### Ang Pangarap ni Rap-Rap

Akda ni Louie Ann Marie Sol


Si Rap-rap ay nasa ikalawang baitang. Masipag siyang pumasok at palaging aktibo sa klase. Nasa ilalim siya ng patnubay ni Bb. Alma Cruz.

Isang araw, sa klase ni Bb. Alma Cruz, masaya ang mga bata. "Ngayong araw iguguhit natin ang inyong mga pangarap. Iguguhit ninyo kung ano ang gusto ninyo sa inyong paglaki. Maaari kayong maging guro katulad ko, o kayâ naman ay maging inhinyero katulad ni Engr. Rino Reyes, na gumagawa ng malalaking bahay. Maaari din kayong maging mahusay na doktor gaya ni Dr. Jose Cruz, na gumagamot sa mga may sakit," paliwanag ng guro.

Napaisip si Rap-rap. Ano kaya ang nais niya? "Ang gusto ko ay maging katulad ng aking tatay," sabi ni Rap-rap. "Bb. Alma Cruz, nais ko pong maging punong barangay at tawaging Kap. Rap-Rap Santos," sambit niya.

## Suriin

Balikan mo ang kuwentong "Pangarap ni Rap-rap". May nakita ka bang mga salitang pinaikli o dinaglat? Maaari mo bang itala ang mga ito sa loob ng bilog? Paano mo isinulat ang mga salitang dinaglat ng magagalang na pantawag sa tao?



Sa mga pagdadaglat ay pinaikling pagsulat ng magagalang na pantawag sa tao. Ito ay nagsisimula sa malaking letra at nilalagyan ng tuldok sa hulihan.

**Hal.**

| | |
|---|---|
| Doktor – Dr. | Pangulo – Pang. |
| Attorney – Atty. | Ginang – Gng. |
| Ginoo – G. | Binibini – Bb. |

*Mga Tala para sa Guro*

Ang mga sumusunod na pagsasanay ay makakatulong upang lalong maunawaan ng mag-aaral ang paraan ng tamang pagdaglat sa mga salita. Gabayan siya sa pagpagsasagawa ng mga ito.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin ang mga dinaglat ng magagalang na katawagan. Gamitin ito sa pagbuo ng pangungusap.

1. Doktor - Dr.
2. Binibini - Bb.
3. Ginoo - G.
4. Ginang - Gng.
5. Attorney - Atty.
6. Engineer - Engr.
7. Kapitan - Kap.
8. Kagalang-galang - Kgg.
9. Doktora - Dra.
10. Honorable - Hon.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Pag-ugnayin ang mga dinaglat na salita sa mga magalang pantawag. Piliin ang letra ng tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| 1. Gng. | A. Attorney |
| 2. G. | B. Engineer |
| 3. Kap. | C. Ginang |
| 4. Atty. | D. Ginoo |
| 5. Engr. | E. Kapitan |

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang wastong daglat ng mga katawagan sa bawat bilang.

1. __________ Ginang Anna Reyes
2. __________ Kagalang-galang Romeo Santos
3. __________ Attorney Charlie Cruz
4. __________ Doktor Andy Perez
5. __________ Engineer Renato Salvador

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Bilugan ang mga salitang dinaglat sa pangungusap.

1. Si Kap. Bustamante ay namigay ng bigas sa Brgy. Talisay.
2. Si Gng. Santos ang aking gurò.
3. Si Engr. Roque ang tumulong sa pagsasaayos ng tulay.
4. Si G. Almario ang nagbigay ng mga binhi sa amin.
5. Si Atty. ang tumulong sa káso ng aking kapatid.


## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Punan ang patlang ng angkop na salitang dinaglat upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Dalaga pa ang aming bagong gurò. Siya si ______ Arriane Lim.
2. Napakagaling na abogado ni ________ de Leon.
3. Nagpapagaling ng mga maysakit si _________ Roy Navarro.
4. Si _______ Santos ang kanyang ama.
5. Matapat at masipag na Heneral si _______ Dalisay.

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Piliin ang bulaklak na may salitang dinaglat.




## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ( ☺) sa patlang kung tama ang dinaglat na salita.

_______________ 1. Gobernador - Gob.

_______________ 2. Pangulo - Pang.

_______________ 3. Heneral - Hen.

_______________ 4. Ginang - Gng.

_______________ 5. Kapitan - Kap.

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang angkop na dinaglat na salita.

1. Si (Gng., gng, GG.) Alma Cruz ang aming gurò.
2. Matindi ang ubo ko kaya dadalhin ako ni nanay kay (Dr., Dok., dr.,) Lino Santos.
3. Si (gob., Gob., GB.,) Albert S. Garcia ay magaling na pinunò sa Bataan.
4. Matalino ang aking kapatid na si (bb., Bb., BB) Jessa Desales.
5. Dumating agad si (kap., Kap., kapt.,) Mario Alonzo nang magkagulo sa baryo.



## *Isaisip*

Ang pinaikling magagalang na pantawag sa tao ay tinatawag na salitang ________. Ito ay isinusulat sa unahan ng pangalan na nagsisimula sa malaking ________ at may ________ sa hulihan. Natatandaan mo ba ang mga ito?

## *Isagawa*


**Panuto:** Isulat ang magalang na pantawag sa mga nakalarawan at daglatin. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.





1. ________



2. ________



3. ________




4. ________



5. ________

## *Tayahin*

**Panuto:** Piliin sa kahon ang letra nang tamang daglat ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| A. Atty. | D. Kap. |
| B. Dra. | E. Pang. |
| C. Gng. | |

_____1. Si Pangulong Duterte ay masipag na lider ng ating bansa.

_____2. Si Doktora Sanchez ang aking dentista.

_____3. Masipag na gurò si Ginang San Pedro.

_____4. Maganda at matalino si Attorney Alma Sabado.

_____5. Si Kapitan Tuazon ay namahagi ng tulong sa kanyang mga nasasakupan.

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Lagyan ng tsek ✔ kung wasto ang pagkakadaglat ng mga magagalang na pantawag at *X* kung hindi.

______ 1. Si Doct. Legazpi ang gumamot sa aking nanay.

______ 2. Si Engr. Arkeen Dato ang tumulong para maitayo ang aming bahay.

______ 3. Mabait at matulungin si Gob. Abet Garcia.

______ 4. Pupunta kami kay Kapt. Gonzales para humingi ng tulong.

______ 5. Magaling magturo si Gng. Almelor.

# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. Doktor<br>2. Abogado<br>3. Pulis<br>4. Guro<br>5. Dentista | **Balikan**<br>1. C<br>2. E<br>3. B<br>4. A<br>5. D | **Suriin**<br>Bb.<br>Engr.<br>Kap.<br><br>Nagsisimula sa malaking letra at may tuldok | |
| **Pagyamanin** | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>(Gabayan ang mag-aaral sa pagbasa)<br><br>Suriin at itama ang pangungusap na ginawa ng mag-aaral | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. C<br>2. D<br>3. E<br>4. A<br>5. B | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1. Gng.<br>2. Kgg.<br>3. Atty.<br>4. Dr.<br>5. Engr. | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. Kap.<br>2. Gng.<br>3. Engr.<br>4. G.<br>5. Atty. |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. Bb.<br>2. Atty.<br>3. Dr.<br>4. G.<br>5. Hen. | **Malayang Pagtatasa 1**<br>Gob. Dra. Kap. Sen.<br>G. Gng.<br>Atty. Pang. Engr. | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☺<br>4. ☺<br>5. ☺ | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. Gng.<br>2. Dr.<br>3. Gob.<br>4. Bb.<br>5. Kap. |
| **Isagawa**<br>1. Kapitan/Kap.<br>2. Doktor/Dr.<br>3. Engineer/Engr.<br>4. Ginang/Gng.<br>Binibini/Bb.<br>5. Ginoo/G. | **Tayahin**<br>1. E<br>2. B<br>3. C<br>4. A<br>5. D | **Karagdagang Gawain**<br>1. ×<br>2. ✓<br>3. ✓<br>4. ×<br>5. ✓ | |

# *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph